Australian Government

# Buod ng Tugon ng Pamahalaan ng Australya sa Royal Commission tungkol sa Kapansanan

Filipino

**Hulyo 2024**

**Paunawa sa karapatang-sipi (copyright)**

Ang dokumentong ito, *Australian Government Response to the Disability Royal Commission (Tugon ng Pamahalaan ng Australya sa Royal Commission tungkol sa Kapansanan)*, ay lisensyado sa ilalim ng Creative Commons Attribution 4.0 International License

Licence URL: https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/legalcode

Mangyaring kilalanin ang: © Commonwealth of Australia (Department of Social Services (Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan)) 2024

**Paunawa:**

- Kung gagawa ka ng kopya ng dokumentong ito, hinihiling ng Department of Social Services na ilagay ang sumusunod na paunawa sa iyong kopya: Batay sa mga datos ng Commonwealth of Australia (Department of Social Services).
- Ang mga katanungan tungkol sa lisensyang ito o anumang iba pang paggamit ng dokumentong ito ay malugod na tatanggapin. Mangyaring makipag-ugnayan sa:
  Branch Manager, Communication Services Branch, Department of Social Services. Telepono: 1300 653 227. Email: communication@dss.gov.au

**Paunawa na tumutukoy sa iba pang mga materyal o karapatan sa lathalaing ito:**

- Australian Commonwealth Coat of Arms – hindi Lisensyado sa ilalim ng Creative Commons, tingnan ang https://www.pmc.gov.au/honours-and-symbols/commonwealth-coat-arms
- Ilang mga larawan at litrato (minarkahan) – hindi lisensyado sa ilalim ng Creative Commons.

# Talaan ng mga Nilalaman


Mga suportang serbisyo 1

Paunang salita 3

Maikling buod ng tugon 6

Konsultasyon at pakikipag-ugnayan upang pagbatayan ng Tugon ng Pamahalaan ng Australya 8

Pahayag ng Patakaran ng Pamahalaan ng Australya sa Pagbabago tungkol sa kapansanan 10

Pangkalahatang-pagtunghay ng pamumuhunan at aksyon 12

Mga posisyon bilang tugon sa mga rekomendasyon 19

# Pagkilala ng Lupain

Kinikilala ng Pamahalaang Australya ang mga tradisyonal na may-ari ng Lupain sa buong Australya kung saan tayo nagtitipon-tipon, naninirahan at nagtatrabaho. Kinikilala ng Pamahalaang Australya ang lahat ng tradisyonal na mga tagapag-alaga, ang kanilang mga Elder noon, sa kasalukuyan at sa hinaharap, at nagbibigay-galang kami sa patuloy nilang ugnayan sa kanilang kultura, komunidad, lupain, karagatan at katubigan.

# Babala sa nilalaman

Ang lathalaing ito ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa karahasan, pang-aabuso, pagpapabaya at pagsasamantala na maaaring makabahala sa mga mambabasa.

# Mga suportang serbisyo

**National Disability Abuse and Neglect Hotline: 1800 880 052**

Ang National Disability Abuse and Neglect Hotline ay isang libre, Independiyente at kumpidensyal na serbisyo para sa pagsusumbong ng pang-aabuso at pagpapabaya sa mga taong may kapansanan. Nakikipagtulungan ang Hotline sa mga tumatawag upang makahanap ng mga angkop na paraan ng pagtalakay sa mga sumbong ng pang-aabuso o pagpapabaya sa pamamagitan ng referral, impormasyon at suporta.

**1800RESPECT : Tumawag sa 1800 737 732, Mag-text sa 0458 737 732**

Ang 1800 RESPECT ang pambansang serbisyo ng pagpapayo, impormasyon at suporta ng Australya para sa sinumang naaapektuhan ng karahasan sa tahanan, pamilya at sekswal. Makukuha ito, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

**Disability Advocacy Support Helpline (Helpline ng Pang-adbokasyang Suporta para sa Kapansanan): 1800 643 787**

Ang Disability Advocacy Support Helpline (ang Helpline) ay isang pilot (panimulang pagsubok) na inisyatiba na inihayag bilang bahagi ng *Australia's Disability Strategy 2021–2031* (Istratehiya sa Kapansanan ng Australya 2021–2031), na dinisenyo upang mapabuti ang pag-access sa indibidwal na pang-adbokasyang suporta. Ang Helpline ay isang serbisyo sa telepono na inihahatid ng Advocacy Law Alliance at naa-access sa pamamagitan ng Disability Gateway. Ang Helpline ay isang libreng serbisyo para sa mga taong may kapansanan, kanilang mga pamilya at tagapag-alaga, na nangangailangan ng panandaliang indibidwal na pang-adbokasyang suporta sa kapansanan.

**Disability Advocacy Finder:**

Ang National Disability Advocacy Program (Pambansang Programa ng Adbokasya sa Kapansanan) ay nagbibigay sa mga taong may kapansanan ng access sa epektibong suporta sa adbokasya.

Pinopondohan ng Department of Social Services ang 59 na pang-adbokasyang organisasyon sa buong Australya upang protektahan at itaguyod ang mga karapatan ng mga taong may kapansanan. Ang mga serbisyo ay matatagpuan sa pamamagitan ng Disability Advocacy Finder sa Ask Izzy website: https://askizzy.org.au/disability-advocacy-finder.

**Lifeline Crisis Support: Tumawag sa 13 11 14, Mag-text sa 0477 13 11 14**

Ang Lifeline ay isang pambansang kawanggawa na nagbibigay sa lahat ng mga Australyano na dumaranas ng emosyonal na pagkabalisa na may access sa 24 na oras na suporta sa krisis at mga serbisyong panghadlang sa pagpapakamatay.

**Beyond Blue Support Service: 1300 224 636**

Ang Beyond Blue ay isang organisasyon na nagbibigay ng libreng online at helpline sa telepono para sa mga taong may depresyon, pagkabalisa o iba pang mga isyu sa kalusugang pangkaisipan. Maaari kang makipag-usap sa mga sinanay na propesyonal sa kalusugang pangkaisipan na makakapagbigay sa iyo ng suporta at payo. Matutulungan ka rin ng Beyond Blue na makahanap ng mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan na malapit sa inyo.

# Paunang salita

Ikinalulugod naming iharap ang buod ng tugon ng Pamahalaang Australya sa Royal Commission tungkol sa Karahasan, Pang-aabuso, Pagpapabaya at Pagsasamantala sa mga Taong May Kapansanan (Disability Royal Commission). Maaari mong ma-access ang buong tugon sa [www.dss.gov.au/DRC-Aus-Gov-Response](www.dss.gov.au/DRC-Aus-Gov-Response).

Ang Disability Royal Commission ang pinakamalaking pagsisiyasat sa Australya sa mga karanasan ng mga taong may kapansanan. Binigyang-diin nito na ang mga taong may kapansanan ay dumaranas ng pinsala, pagkabukod, at diskriminasyon sa mas mataas na mga antas kaysa sa mga taong walang kapansanan.

> **Bilang isang bansa dapat tayong gumawa ng mas mahusay. Dapat tayong magtulungan upang matiyak na ang lahat ng mga Australyano ay makakalahok bilang kapantay ng mga miyembro ng lipunan, anuman ang kapansanan, kasarian, edad, lahi, kultura, relihiyon, o oryentasyong sekswal.**

Ang Panghuling Ulat ng Disability Royal Commission ay may kasamang 222 rekomendasyon at nagtatakda ng pananaw para sa isang inklusibong Australya kung saan ang mga taong may kapansanan ay namumuhay na walang panganib; kung saan ang mga karapatang pantao ay protektado; at kung saan ang mga indibidwal ay namumuhay na may dignidad, pagkakapantay-pantay at paggalang, maaaring makipagsapalaran, at mapaunlad at makamit ang kanilang potensyal. **Sinusuportahan ng Pamahalaang Australya ang pananaw na ito.**

Ang Pamahalaan ng Australya ay may pangunahin o magkasalong responsibilidad para sa 172 rekomendasyon. Sa paunang tugon na ito, aming:

- tatanggapin o tatanggapin sa pangkalahatan ang 130 rekomendasyon,
- pinag-iisipan ang karagdagang 36 na rekomendasyon, at
- binibigyan ng partikular na pansin ang 6 na rekomendasyon.

Mayroong ilang mga rekomendasyon na kaugnay sa nagpapatuloy o natapos kamakailan na mga pagsisiyasat o negosasyon na nangangailangan ng karagdagang pagsasaalang-alang na may pagkonsulta sa mga taong may kapansanan, mga pamahalaan ng estado at teritoryo at iba pang mga stakeholder (interesadong mga partido). Patuloy naming ilalathala ang mga tugon sa mga natitirang rekomendasyon habang natatapos ang gawaing ito.

**Nagpapasalamat kami sa halos 10,000 mga taong may kapansanan,** sa kanilang mga pamilya, kaibigan, kinatawan at tagapag-alaga na nagbahagi ng kanilang mga karanasan at ideya sa Royal Commission. Nagpapasalamat din kami sa mga Commissioner at kawani ng Royal Commission para sa kanilang mahalagang gawain at sa lahat ng nag-ambag sa proseso ng konsultasyon at pakikipag-ugnayan ng Pamahalaan ng Australya upang pagbatayan ng mga tugon at pagbabago. Nakagawa na ng pagbabago ang mga kontribusyong ito at patuloy na pagbabatayan ng pambansang pagbabago tungo sa isang ligtas, inklusibo at naa-access na Australya.

**Narinig namin kung ano ang pinakamahalaga sa mga taong may kapansanan at itutuon ang unang yugto ng mga aktibidad sa pagbabago at pagpapatupad sa:**

- **Kaligtasan:** Pagbuo ng mga target upang bawasan at alisin ang mga naglilimitang gawi; pagsamahin ang mga kaayusan sa kalidad at pangangalaga; pagtiyak na ang mga taong may kapansanan ay may access sa di-pabagu-bagong mga community visitor scheme bilang isang mekanismo ng pag-iingat; pagpapabuti sa kaligtasan ng mga kababaihan at batang babae na may kapansanan; at pagpapatuloy ng National Disability Abuse and Neglect Hotline.
- **Mga Karapatan at Paglaban sa Diskriminasyon:** Pagtatatag ng bagong programa sa pagtataguyod ng kapansanan para mas masuportahan ang mga taong may kapansanan upang protektahan at ipagtanggol ang kanilang mga karapatan; sisimulan ang pagrebyu at paggawa ng makabagong *Disability Discrimination Act 1992 (Batas sa Diskriminasyon ng Kapansanan 1992)*; pagbabago ng pangkalusugang kahingian sa imigrasyon upang maging mas patas at mas inklusibo para sa mga batang may kapansanan; at higit pang pagsasaalang-alang sa inirekomendang Disability Rights Act (Batas sa mga Karapatan ng may Kapansanan) ng Royal Commission kasama ang huling ulat ng Parliamentary Joint Committee on Human Rights' Inquiry sa Human Rights Framework ng Australya.
- **Inklusyon at Pag-access:** Pagrebyu ng *Australia's Disability Strategy 2021-2031 (Istratehiya sa Kapansanan ng Australya 2021-2031)*; pagpapabuti ng mga pambansang pamamaraan sa naa-access na impormasyon at komunikasyon, kabilang ang Auslan; pagkonsulta sa isang First Nations Disability Forum o iba pang naaangkop na magkasalong mekanismo sa paggawa ng desisyon; pagpapatuloy ng Primary Care Enhancement Program para sa mga Taong may Intelektwal na Kapansanan; pakikipagtulungan sa mga pamahalaan ng estado at teritoryo upang mapabuti ang mga kalalabasan para sa mga estudyanteng may kapansanan; at pagsuporta sa mga simpleng pagsisikap upang alisin ang stigma at mapabuti ang mga saloobin ng komunidad sa mga taong may kapansanan.
- **Pagtatrabaho:** Pagpapatupad ng bagong espesyalistang programa sa pagtatrabaho para sa may kapansanan upang matulungan ang mas maraming taong may kapansanan na maghanda, maghanap, at mapanatili ang angkop na trabaho; pagtatatag ng Disability Employment Centre para sa Kahusayan upang mapalakas ang kakayahan ng mga tagapagbigay ng serbisyo sa trabaho para maghatid ng mga serbisyong may mataas na kalidad at epektibo; at patuloy na makipagtulungan sa mga taong may kapansanan, sa kanilang mga pamilya, kinatawan, tagapagtaguyod at tagapagbigay ng serbisyo upang dahan-dahang paunlarin ang suportadong sektor ng pagtatrabaho.

Dagdag ito sa aming umiiral na gawaing natukoy sa [Update ng Pamahalaan ng Australya sa progreso ng Disability Royal Commission] at pamumuhunan upang maibalik sa tamang landas ang National Disability Insurance Scheme (NDIS), magtatag ng karagdagang mga batayang suporta, mapabuti ang mga kalalabasan sa ilalim ng *Australia's Disability Strategy 2021-2031*, pahusayin ang mga pamamaraan sa pagsasama at pag-access para sa mga taong may kapansanan sa mga panlahat (mainstream) na kapaligiran, at mapabuti ang mga datos at pananaliksik sa pamamagitan ng National Disability Data Asset at National Disability Research Partnership.

Inaasahan namin ang patuloy na pakikipagtulungan sa komunidad ng may kapansanan para maipatupad ang makabuluhang pagbabago upang ipaloob ang aming magkasalong pananaw para sa isang inklusibong Australya.

**Ang Kagalang-galang na Amanda Rishworth MP**

Ministro para sa mga Serbisyong Panlipunan

# Maikling buod ng tugon

Ang Pamahalaan ng Australya:

- ay may pangunahin o magkasalong responsibilidad para sa **172 rekomendasyon**
- ay tatanggapin o tatanggapin sa pangkalahatan ang **130 rekomendasyon**
- ay nagsasaalang-alang sa karagdagang **36 na rekomendasyon**, at
- ay binibigyan ng partikular na pansin ang **6 na rekomendasyon**.

Upang madagdagan ang umiiral na pagpopondo at mga pangako upang suportahan ang isang ligtas, inklusibo at naa-access na Australya para sa mga taong may kapansanan, ang Pamahalaan ng Australya ay gumagawa ng mahalagang pamumuhunan tungo sa unang yugto ng pagtugon nito sa Disability Royal Commission, kabilang ang:

$39.7 milyon para magtatag ng bagong disability advocacy program (programa ng adbokasya para sa kapansanan)

$6.9 milyon para rebyuhin at gawing makabago ang Disability Discrimination Act

$23.3 milyon para magtatag ng Disability Employment Centre of Excellence

$1.2 milyon para magtaguyod ng mga target upang bawasan at alisin ang naglilimitang mga gawi

$4.4 milyon para sa mga di-pabagu-bagong pamamaraan sa mga community visitor scheme bilang isang mekanismo ng pag-iingat

$15.6 milyon para pagsamahin ang pambansang kalidad at mga kaayusan sa pag-iingat sa kapansanan

$12.3 milyon para mapabuti ang mga pambansang pamamaraan sa naa-access na impormasyon at mga komunikasyon, kabilang ang Auslan

$12.1 milyon para baguhin ang Migration Health Requirement (Pangkalusugang Kahingian sa Imigrasyon) upang maging mas patas at mas inklusibo para sa mga batang may kapansanan

$227.6 milyon para ipatupad ang bagong espesyalistang programa sa pagtatrabaho para sa may kapansanan

$2.6 milyon para sa patuloy na paghahatid ng National Disability Abuse and Neglect Hotline at ng Complaints Resolution and Referral Service

$2 milyon tungo sa pagpapabuti sa kaligtasan ng mga kababaihan at batang babae na may kapansanan

$3.7 milyon para ipagpatuloy ang Primary Care Enhancement Program para sa mga Taong may Intelektwal na Kapansanan

$19.6 milyon para suportahan an mga simpleng pagsisikap upang mapabuti ang mga saloobin ng komunidad tungkol sa kapansanan

Dumadagdag ito sa mahalagang pamumuhunan na ginawa sa huling tatlong Badyet na may kabuuang **higit pa sa $3 bilyon upang makabuo ng isang mas inklusibong Australya**. Kabilang dito ang malaking pamumuhunan at aksyon para maibalik sa tamang landas ang National Disability Insurance Scheme (NDIS), $57 milyon sa 2023-24 na Badyet para

dahan-dahang paunlarin ang sinusuportahang sektor ng pagtatrabaho, $68.3 milyon sa Oktubre 2022-23 na Badyet para sa pagsusuri, pananaliksik at paghahatid ng National Disability Data Asset, gayundin ang pagsasabatas ng *Disability Services and Inclusion Act 2023* upang patatagin ang kalidad at mga kaayusan sa pag-iingat para sa mga taong may kapansanan sa labas ng NDIS.

# Konsultasyon at pakikipag-ugnayan upang pagbatayan ng Tugon ng Pamahalaan ng Australya

Ang Pamahalaan ng Australya, sa antas ng ministro at sa pamamagitan ng Commonwealth Disability Royal Commission Taskforce (Taskforce), ay nakipagkonsulta at nakipag-ugnayan sa mga taong may kapansanan, sa kanilang mga pamilya, tagapag-alaga, kinatawan ng mga organisasyon, tagapagbigay ng serbisyo, unyon, at mas malawak na komunidad upang pagbatayan ng paggawa ng desisyon sa pagbabago bilang tugon sa Panghuling Ulat at mga rekomendasyon ng Disability Royal Commission.

## Sino ang kinonsulta namin

Lahat ay inanyayahang magsabi ng kanilang opinyon at magbigay ng kanilang mga kuru-kuro kaugnay sa mga rekomendasyon ng Disability Royal Commission. Kabilang dito ang:

- mga taong may kapansanan, ang kanilang mga pamilya, at mga tagapag-alaga,
- mga tagapagtaguyod at mga kinatawang organisasyon,
- mga tagapagbigay ng suporta sa kapansanan, unyon, at manggagawa, at
- mga lupong namumuno, akademiko, at iba pang mga organisasyon.

Kinikilala rin ng Pamahalaan ng Australya ang Mga Kinatawang Oranisasyon para sa Kapansanan, mga lupong namumuno at iba pang organisasyon na nagsagawa ng mahalagang independiyenteng pakikipag-ugnayan at konsultasyon sa loob ng sariling mga network ng mga miyembro at kumatawan sa kanilang mga kuru-kuro sa Taskforce. Ang mga pagsisikap na ito ay nagbigay-daan sa amin na magkaroon ng mas malawak na pag-abot sa komunidad, makarinig ng higit pang mga tinig at mas maunawaan kung ano ang mahalaga sa kanila.

## Paano kami nakipagkonsulta

Ang paunang pakikipag-ugnayan sa Mga Kinatawang Organisasyon para sa Kapansanan at mga lupong namumuno ay isinagawa sa pamamagitan ng mga umiiral na forum ng konsultasyon upang ilabas at maunawaan ang mga kahulugan ng kanilang mga kuru-kuro sa mga rekomendasyon at humingi ng impormasyon sa paraan ng pagkonsulta. Ang mga kinatawan ng Taskforce ay nagsagawa rin ng malawak na desktop na pagsubaybay at pagsusuri sa mga pampublikong pagsusumite, komentaryo at mga forum tungkol sa Disability Royal Commission at dumalo sa maraming mga forum na may mga stakeholder para sa kapansanan upang mas maunawaan ang kanilang tugon sa mga rekomendasyon ng Disability Royal Commission. Nakarinig kami mula sa iba't ibang advisory council, kabilang ang Disability Advisory Council ng Australya, pati na rin ng maraming konsultasyon at mga forum sa iba't ibang hurisdiksyon.

Nakipag-ugnayan din ang Pamahalaan sa mga stakeholder at komunidad sa pamamagitan ng kumbinasyon ng mga mataas na antas na roundtable, forum, workshop, at indibidwal na pakikipagpulong.

Ang DSS Engage page sa website ng DSS ang pangunahing mekanismo ng Taskforce sa pakikipag-ugnayan nang harapan sa publiko. Naging 'live' ito matapos ang paglabas ng Panghuling Ulat ng Disability Royal Commission at nanatiling aktibo sa panahon ng mga konsultasyon. Ang mga interesadong miyembro ng publiko ay inanyayahang mag-subscribe para sa mga update sa pamamagitan ng DSS Engage page, upang manatiling up to date sa mga pangkonsultasyong aktibidad ng mga stakeholder.

### Pampublikong Konsultasyon

Binuksan ang isang pampublikong konsultasyon noong 28 Nobyembre 2023, sa pamamagitan ng online na proseso ng questionnaire at pagsusumite. Ang questionnaire ay ibinukas para sa lahat. Inanyayahan ang mga respondent (sumagot) na pumili ng hanggang tatlong rekomendasyon na itinuring nilang pinakamahalaga sa kanila, at hanggang tatlong rekomendasyong hindi nila sinuportahan. Ang mga bakanteng text field ay ginamit upang magbigay ng karagdagang impormasyon. Ang mga respondent ay binigyan din ng opsyon na magbigay ng nakasulat na pagsusumite sa konsultasyon.

Isinara ang pampublikong konsultasyon noong 19 Enero 2024. Nakatanggap ito ng 335 mga sagot sa questionnaire at 118 nakasulat na pagsusumite mula sa malawak na hanay ng mga indibidwal at organisasyon.

Ang lahat ng mga sagot sa questionnaire at nakasulat na mga pagsusumite ay sinuri at pinagsama sa isang ulat na walang pagkakakilanlan na nagbabalangkas sa mga pangunahing tema ng mga tugon. Ang ulat ay makukuha sa www.engage.dss.gov.au/drcausgovresponse/public-consultation-report.

## Ang aming narinig

Ang pampublikong konsultasyon ay nagpakita ng mataas na antas ng pangkalahatang suporta para sa mga rekomendasyon ng Disability Royal Commission. Nagpahiwatig ang mga respondent ng pag-asa tungkol sa potensyal para sa mga rekomendasyon ng Royal Commission na magkaroon ng positibong epekto sa buhay ng mga taong may kapansanan. Nanawagan din ang maraming stakeholder para sa mga taong may kapansanan na makisangkot sa pagpapatupad. Bagama't maraming rekomendasyon ang nakakuha ng malawak na suporta, ang ilang rekomendasyon ay nakakuha ng magkakaibang kuru-kuro, lalo na ang mga nauugnay sa espesyal/nakahiwalay na edukasyon, pagtatrabaho at pabahay. Malinaw na ang mga miyembro ng komunidad, tulad ng mga Disability Royal Commissioner, ay may magkakaibang opinyon tungkol sa hinaharap ng mga kapaligirang ito. Sang-ayon ang lahat ng mga stakeholder na mahalaga ang mas mahusay na pag-access at inklusyon ng mga taong may kapansanan sa mga kapaligirang panlahat na edukasyon, trabaho at pabahay.

## Pakikipagtulungan sa mga pamahalaan ng estado at teritoryo

Noong 3 Nobyembre 2023, ang Disability Reform Ministerial Council – na kinabibilangan ng mga ministro ng Commonwealth, estado at teritoryo na may responsibilidad para sa patakaran at mga serbisyo para sa kapansanan – ay nangakong magtutulungan upang isulong ang kinakailangang pagbabago upang gawing ligtas at inklusibo ang Australya para sa lahat ng taong may kapansanan at binigyan ng partikular na pansin ang pagtalakay sa mga isyung binigyang-diin ng Disability Royal Commission na nangangailangan ng pambansang pagsisikap, kabilang ang lahat ng mga pamahalaan at lahat ng mga bahagi ng ating komunidad.

Ang Magkasamang Tugon ng Australya, Estado at Teritoryo sa Disability Royal Commission ay makukuha sa website ng Department of Social Services http://www.dss.gov.au/DRC-Joint-Response. Ito ay nagpapakita ng matatag na paraan ng pagtutulungan sa pagpapatupad ng may koordinasyong pagbabago sa buong bansa bilang tugon sa Disability Royal Commission.

# Pahayag ng Patakaran ng Pamahalaan ng Australya sa Pagbabago tungkol sa kapansanan

Ang Pamahalaan ng Australya ay nakatuon sa isang pambansang pagsisikap at nakikipagtulungan katuwang ang komunidad ng may kapansanan upang ipatupad ang mga kinakailangang pagbabago upang gawing mas inklusibo, naa-access, at ligtas ang Australya.

Kasama sa Panghuling Ulat ng Disability Royal Commission ang malawak na hanay ng mga rekomendasyon. Inuuna ng tugon ang mga hakbang sa pamumuhunan na maghahatid ng mas mahusay na pag-iingat, magtataguyod ng inklusyon at pag-access, at pagtatanggol sa mga karapatang pantao, at kinikilala ang mga natatanging pananaw at karanasan ng mga taong First Nations na may kapansanan. Ang programa ng aktibidad sa pagbabago ay isasagawa sa loob ng ilang taon at ihahanay sa mas malawak na mga pagbabago sa ecosystem ng may kapansanan - pati na rin ang mga panlahat na pagbabago sa sistema ng kalusugan, edukasyon, at pabahay - dahil sinusuportahan nito ang patuloy na paglahok ng mga taong may kapansanan at nagbibigay-daan sa pangmatagalang pagbabago.

Ang pagpapatupad at pagpapaloob ng ating magkasalong pananaw para sa isang inklusibong Australya ay nangangailangan ng patuloy na pambansang pagsisikap.

Ang sumusunod ang **mga pangunahing prinsipyo** na huhubog at pagbabatayan ng patuloy na pag-unlad at pagpapatupad ng agenda sa pagbabago para sa kapansanan ng Pamahalaan ng Australya bilang tugon sa Disability Royal Commission.

Ang Pamahalaan ng Australya ay nangangako sa pagpapagana ng patakaran at paghahatid ng mga serbisyo na magsasakatuparan ng pananaw na itinakda ng Disability Royal Commission ng isang Australya kung saan ang mga taong may kapansanan ay:

- makakapamuhay nang walang karahasan, pang-aabuso, pagpapabaya, at pagsasamantala,
- kung saan ang mga karapatang pantao ay protektado, at
- ang mga indibidwal ay namumuhay nang may dignidad, pagkakapantay-pantay at paggalang at maaaring makamit ang kanilang potensyal.

Kabilang dito ang isang hinaharap kung saan ang mga taong may kapansanan at walang kapansanan ay:

- makakapamuhay, matututo, magtatrabaho, maglalaro, lilikha, at makikipag-ugnayan sa ligtas at magkakaiba-ibang mga komunidad,
- may kapangyarihang pumili, kalayaan, at dignidad na makipagsapalaran,
- gumawa ng mahalagang kontribusyon sa mga komunidad na pinahahalagahan at tinatrato sila nang may paggalang, at
- ligtas sa kultura at kabilang sa mga pamilya, komunidad, at mga network ng kaedad nila.

Ang Pamahalaan ng Australya ay nangangakong patatatagin ang mga pag-iingat, independiyenteng pangangasiwa at mga mekanismo para sa reklamo na makakatulong upang mabawasan ang mga hindi katanggap-tanggap na antas ng karahasan, pang-aabuso at pagpapabaya na nararanasan ng mga taong may kapansanan. Sa maraming pagkakataon, mangangailangan ito ng pagtutulungan ng mga pamahalaan ng estado at teritoryo upang mapahusay ang mga sistema ng proteksyon at serbisyo sa buong bansa.

Ang Pamahalaan ng Australya ay nangangako na makikinig sa mga tinig ng mga taong may kapansanan at makikipagtulungan sa komunidad ng mga may kapansanan upang magdisenyo, magpatupad at magtasa ng mga patakaran at programa na nagtutulak ng mga pagbabago upang gawing mas inklusibo, naa-access, at ligtas ang Australya para sa mga taong may kapansanan.

Ang Pamahalaan ng Australya ay nangangakong kikilalanin at tutugon sa mga pangangailangang intersection at magkakaiba-ibang mga pangangailangan ng mga taong may kapansanan, kabilang ang mga kababaihan at mga bata; mga taong First Nations; mga taong mula sa iba't ibang kultura at wika; mga taong LGBTIQA+; at matatandang Australyano. Ang Pamahalaan ng Australya ay nangangakong ipagtatanggol ang mga karapatang pantao ng mga taong may kapansanan upang makapamuhay sila nang may dignidad, pagkakapantay-pantay at paggalang.

Ang Pamahalaan ng Australya ay nangangakong itataas ang kakayahan sa buong Serbisyong Pampubliko ng Australya upang makapaghatid ng mga serbisyong ligtas sa kultura, may kaalaman sa trauma, inklusibo, at naa-access. Ang Pamahalaan ng Australya ay nangangakong itataguyod ang isang mas inklusibong lipunan kung saan ang mga taong may kapansanan ay madaramang sila ay kabilang, iginagalang, pinahahalagahan at ganap na nakakapag-ambag. *Ang Disability Strategy 2021-2031 ng Australya* ang nananatiling pangunahing mekanismo ng pambansang patakaran upang itulak ang mga kinakailangang pagbabago sa pambansang antas.

# Pangkalahatang-pagtunghay ng pamumuhunan at aksyon

## Kaligtasan

Ang pagbibigay-prayoridad sa aksyon upang mapabuti ang kalidad ng mga serbisyo para sa may kapansanan, patatagin ang mga pag-iingat sa komunidad, at mas mahusay na paghadlang sa karahasan, pang-aabuso, pagpapabaya, at pagsasamantala ay sentro sa unang tugon ng Pamahalaang Australya sa Disability Royal Commission.

- $15.6 milyon para magtatag ng **Quality and Safeguarding Framework at Disability Support Ecosystem Safeguarding Strategy** upang pagsamahin ang kalidad at mga kaayusan sa pag-iingat para sa mga taong may kapansanan sa buong Australya.
- $4.4 milyon para matiyak na ang mga taong may kapansanan ay may access sa mga di-pabagu-bagong **community visitor scheme** bilang mekanismo ng pag-iingat.
- $2.6 milyon para ipagpatuloy ang **National Disability Abuse and Neglect Hotline** and **Complaints Resolution and Referral Service**.
- $1.2 milyon tungo sa isang pamamaraan ng kabuuan-ng-pamahalaan upang **bawasan at alisin ang paggamit ng naglilimitang mga gawi**, sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga target at tagapagpahiwatig ng paggampan sa loob ng NDIS at pagbuo ng magkasamang plano ng aksyon sa mga estado at teritoryo.
- Ang paunang disenyo ng isang **Risk Profile Model** para makilala nang mas mahusay ang mga kalahok ng NDIS na maaaring nanganganib na mapinsala at suportahan ang mga komprehensibong indibidwal na istratehiya sa pagtugon.
- $0.5 milyon para maglapat ng disability lens sa **First Action Plan** ng ***National Plan to End Violence Against Women and Children 2022-2032*** para matukoy kung paano tatalakayin ng bawat aksyon sa Action Plan ang mga pangangailangan ng mga kababaihan at batang babae na may kapansanan.
- $0.25 milyon para matiyak na ang **Mga Materyales na Panggabay para sa mga serbisyong front line ng Karahasan sa Pamilya at Tahanan at Karahasang Sekswal** ay naa-access ng mga kababaihan at batang babae na may kapansanan sa Australya.
- $1.25 milyon para palawakin ang **Safer Girls Safer Women Project** upang suportahan ang mga kababaihan, mga batang babae at magkakaibang kasarian na mga taong may kapansanan, sa pamamagitan ng pagpapatupad ng **mga patnubay sa pinakamahusay na mga gawi at mga mapagkukunan sa pag-aaral at mga tool para sa mga lugar ng trabaho** para sa sekswal na kalusugan, magalang na relasyon at edukasyon sa pagsang-ayon.

Dumadagdag ito sa kasalukuyang trabaho at pamumuhunan upang patatagin ang kalidad at pag-iingat para sa mga taong may kapansanan, kabilang ang:

- $160.7 milyon sa pamamagitan ng 2024-25 na Badyet upang baguhin ang kakayahan ng NDIS Quality and Safeguards Commission na protektahan ang mga taong may kapansanan laban sa pang-aabuso, karahasan at pagpapabaya, at upang matukoy at mahadlangan ang panloloko sa pamamagitan ng **Data and Regulatory Transformation Program**.

- $142.6 milyon sa pamamagitan ng 2023-24 na Badyet upang suportahan ang **NDIS Quality and Safeguards Commission sa pangangalaga sa mga kalahok ng NDIS**.
- Ang pagtatatag ng **NDIS Provider and Worker Registration Taskforce** para magbigay ng payo sa disenyo at pagpapatupad ng bagong graduated risk-proportionate regulatory model na iminungkahi sa panghuling ulat ng NDIS Review.
- Ang paglalabas ng bagong National Disability Insurance Agency (NDIA) **Participant Safeguarding Policy and Implementation Plan** noong Abril 2023.

## Mga Karapatan at Paglaban sa Diskriminasyon

Malugod na tinatanggap ng Pamahalaan ng Australya ang pamamaraang nakabatay sa karapatan ng Disability Royal Commission sa pagsisiyasat at mga rekomendasyon nito at nakatuon sa pagsulong ng mga karapatan ng mga taong may kapansanan sa pamamagitan ng patuloy na pagbabago sa batas at patakaran, at pagpapatatag sa mga programang batayan na sumusuporta sa mga taong may kapansanan upang ipagtanggol at protektahan ang kanilang mga karapatan.

- $6.9 milyon para sa **pagbabago sa batas ng diskriminasyon sa kapansanan**, upang suriin ang *Disability Discrimination Act 1992* na may pagkonsulta sa mga taong may kapansanan.
- $39.7 milyon na karagdagang pondo upang magtatag ng **bagong programa sa indibidwal na adbokasya ng may kapansanan**. Pagsasama-samahin ng bagong programa ang mga kasalukuyang serbisyo upang magtatag ng isang simple, epektibo at umaakmang mabuti na modelo ng paghahatid ng patuloy na mga indibidwal na suporta sa adbokasya ng may kapansanan. Maghahatid ito ng mas mahusay na mga kalalabasan para sa mga indibidwal na may kapansanan na nasa mataas na peligro ng pinsala sa pamamagitan ng pagtalakay sa hindi natugunang mga pangangailangan at pagbibigay ng mas mahusay na kakayahan sa pagsuporta para sa mga pinaka-mahihinang tao. Ito ay ibabatay at ia-ayon sa trabahong isinasagawa na sa ilalim ng National Disability Advocacy Framework.
- $12.1 milyon para **baguhin ang Migration Health Requirement** para maging mas patas para sa mga batang may kapansanan na ipinanganak at naninirahan sa Australya.

Ang mga hakbang na ito ay naaayon sa patuloy na pangako ng Pamahalaan upang ipatupad ang United Nations *Convention on the Rights of Persons with Disabilities* at idagdag sa mga gawaing isinasagawa na upang isulong ang mga karapatan ng mga taong may kapansanan, kabilang ang:

- Ang pagsasabatas ng ***Disability Services and Inclusion Act 2023*** upang patatagin ang kalidad at mga kaayusan sa pag-iingat para sa mga taong may kapansanan sa labas ng NDIS. Ang Batas ay binuo sa pamamagitan ng malawakang konsultasyon sa mga taong may kapansanan at naglalayong ipaloob ang mga prinsipyo ng karapatang pantao.

- Ang pagbuo ng bagong **International Disability Equity and Rights Strategy** upang matiyak na ang Australya ay nananatiling isang matatag at di-pabagu-bagong pinuno ng mundo sa pagsulong ng katarungan at mga karapatang pantao para sa mga taong may kapansanan.
- **Parliamentary Joint Committee on Human Rights Inquiry sa Human Rights Framework ng Australya:** Noong Marso 2023, ang Attorney-General, ang Kagalang-galang na Mark Dreyfus KC MP, ay nag-refer ng Human Rights Framework ng Australya sa Parliamentary Joint Committee on Human Rights. Inihain ng Parliamentary Joint Committee on Human Rights ang ulat ng pagsisiyasat nito noong 30 Mayo 2024. Nagbibigay ang ulat ng 17 rekomendasyon, kabilang ang muling pagtatatag at mahalagang pagpapabuti ng Pamahalaan sa Human Rights Framework ng Australya, pagsasabatas ng Human Rights Act, at pahusayin ang tungkulin ng Australian Human Rights Commission. Maingat na pinag-iisipan ng Pamahalaan ang mga rekomendasyon kasama ng mga rekomendasyon ng Disability Royal Commission na magtatag ng Disability Rights Act at National Disability Commission.

## Inklusyon at Pag-access

Upang makamit ang isang inklusibong lipunan, ang mga sistema at serbisyo ay dapat naa-access ng lahat at tumutugon sa mga magkakaiba-ibang karanasan, kalagayan at pangangailangan ng lahat ng taong may kapansanan. Sa pamamagitan ng paunang tugon sa Disability Royal Commission, ang Pamahalaan ng Australya ay namumuhunan sa isang hanay ng mga inisyatiba upang mas mahusay na suportahan ang inklusyon at pag-access, na kumikilala sa magkakaiba-iba at intersectional na karanasan ng mga taong may kapansanan at ng kanilang mga tagapag-alaga sa lahat ng yugto ng buhay. Kabilang sa mga inisyatiba ang:

- Pakikipagtulungan sa mga pamahalaan ng estado at teritoryo at katuwang ang mga taong First Nations sa mga konsultasyon upang bumuo ng **First Nations Disability Forum** o iba pang naaangkop na magkasalong mekanismo sa paggawa ng desisyon para sa pag-uugnayan ng mga kalalabasan ng kapansanan sa ilalim ng Pambansang Kasunduan tungkol sa Closing the Gap.

- Pagrebyu ng ***Australia's Disability Strategy 2021-2031*** sa 2024 upang matiyak na ito ay mapapatatag bilang pangunahing tagapagtulak sa paghahatid ng pambansang pagbabago bilang tugon sa Disability Royal Commission sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga pamahalaan ng estado at teritoryo, Australian Local Government Association, Disability Strategy Advisory Council ng Australya, at mga taong may kapansanan, sa kanilang mga pamilya, at mga kinatawang organisasyon.
- $12.3 milyon para sa isang **pambansang pamamaraan sa naa-access na impormasyon at mga komunikasyon para sa mga taong may kapansanan**, kabilang ang pagbuo ng isang Associated Plan sa ilalim ng *Disability Strategy 2021-2031 ng Australya* na bubuo ng kakayahan sa mga ahensya ng Public Service ng Australya upang ipaloob ang pag-access sa disenyo ng patakaran at pagpapatupad ng mga patakaran ng pamahalaan, mga programa at serbisyo at pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan sa komunidad.

- $3.7 milyon para ipagpatuloy ang **Primary Care Enhancement Program para sa mga Taong may Intelektwal na Kapansanan** para suportahan ang pag-access sa mga serbisyong pangkalusugan para sa mga taong may intelektwal na kapansanan.
- $19.6 milyon para **iangat ang kakayahang tumugon sa kapansanan at kakayahan ng mga pangunahing propesyonal na manggagawa** at suportahan ang **mga simpleng pagsisikap upang mapabuti ang mga saloobin ng komunidad** at pag-unawa ng kapansanan.
- Pakikipagtulungan sa mga pamahalaan ng estado at teritoryo na katuwang ang mga taong may kapansanan para matulungan ang mga tagapagturo, paaralan at sistema ng paaralan na maghatid ng mas higit na inklusibong edukasyon upang mapabuti ang mga kalalabasan para sa mga estudyanteng may kapansanan.

Ito ay karagdagan sa komprehensibong umiiral na mga pangako at gawain para suportahan ang isang inklusibo at naa-access na lipunan na sumusuporta sa lahat ng taong may kapansanan, kabilang ang mga taong may kapansanang pisikal, neurological, neurodevelopmental, psychosocial, sensory, intelektwal at cognitive. Ang aming kasalukuyang gawain ay higit pa sa mga rekomendasyon ng Disability Royal Commission, kabilang ang:

- Sa pamamagitan ng malapit nang ilabas na **Aviation White Paper**, ang Pamahalaan ay magpapatupad ng isang hanay ng mga aksyon upang pagtibayin ang mga karapatan ng mga taong may kapansanan na um-access sa paglalakbay sa eroplano, gawing simple ang mga proseso ng paglalakbay at magbigay ng mga angkop na paraan sa pagkuha ng tulong kapag hindi natugunan ang mga pamantayan.
- Ang **Pambansang Kasunduan tungkol sa Closing the Gap (Pambansang Kasunduan) at ang *Australia's Disability Strategy 2021-2031*** ay nagbibigay ng pangkalahatang mga balangkas ng patakaran na naglalarawan ng mga inaasahan para sa pagbabago sa lahat ng antas ng pamahalaan para sa mga taong First Nations na may kapansanan. Ang kapansanan ay kinikilala bilang isang pag-uugnayan ng mga kalalabasan sa ilalim ng Pambansang Kasunduan. Ang mga balangkas na ito ay naglalayong magpaloob ng isang pamamaraang batay sa mga positibong kakayahan. Ang **Disability Sector Strengthening Plan (DSSP) at ang National Disability Footprint**, ay pinagtibay ng Joint Council on Closing the Gap, ay sumusuporta sa pagpapatupad ng Priority Reform Two sa ilalim ng Pambansang Kasunduan para bumuo ng sektor ng kapansanan na kontrolado ng komunidad.
- Karagdagang pamumuhunan na inihayag noong Enero 2024 bilang tugon sa **NDIS Review** para suportahan ang pag-access sa mga suporta sa loob at labas ng NDIS, kabilang ang sa pamamagitan ng:
    - $11.6 na milyon para suportahan ang gawain upang bumuo ng **Foundational Supports Strategy (Istratehiya ng mga Pambatayang Suporta)** at magdisenyo ng mga karagdagang pambatayang suporta sa mga estado, teritoryo, at komunidad.
    - $118.1 milyon para sa **disenyo at konsultasyon sa mga pangunahing rekomendasyon ng NDIS Review,** kabilang ang tungkol sa mas patas at mas mahusay na mga paraan ng pag-access sa isang badyet ng NDIS, pinahusay na mga opsyon sa pabahay at pamumuhay ng NDIS, mas mahusay na mga paraan upang maka-access at magbayad para sa mga suporta, at ang pinakamahusay na gawi sa mga suporta sa early childhood (maagang pagkabata).
- Paglalabas ng **Early Years Strategy (Istratehiya sa Maagang Pagkabata)**, na nagtatakda ng pananaw ng Pamahalaan para pinakamahusay na masuportahan ang mga bata at ang kanilang mga pamilya sa

Australya. Kabilang dito ang pagpapahalaga sa lahat ng uri ng pagkakaiba-iba, tulad ng kapansanan, at pagtiyak na ang mga suporta at serbisyo ay patas, inklusibo, at naa-access. Kabilang sa Istratehiya ang pagtuon sa pagbibigay-kapangyarihan sa mga magulang, tagapag-alaga, at pamilya, na kinabibilangan ng pagpapagana at paghikayat ng maagang pag-access sa mga suporta sa maagang pagkabata kung kailangan upang matukoy at aksyunan ang mga maagang palatandaan ng pagkaantala ng pag-unlad.

- Pagbuo ng **National Autism Strategy (Pambansang Istratehiya tungkol sa Autism)** na magpapabuti sa mga kalalabasan ng buhay para sa lahat ng mga Autistic na tao sa Australya. Sa unang pagkakataon, magbibigay ito ng may koordinasyong pambansang pamamaraan sa mga serbisyo at suporta para sa mga Autistic na Australyano at sa kanilang mga pamilya.
- Sa **edukasyon**, ang Pamahalaan ng Australya ay magbibigay ng tinatayang **$3.7 billion** sa 2024 upang suportahan ang mga paaralan na magpatupad ng mga makatwirang pag-aakma sa **mga estudyante na may disability loading** sa pamamagitan ng Schooling Resource Standard. Sisimulan din ng Kagawaran ng Edukasyon ang gawain upang pagbatayan ng mga pagbabago sa pambansang sistema upang itulak ang mas madaling maa-access at inklusibong edukasyon sa paaralan at mapabuti ang mga kalalabasan para sa mga estudyanteng may mga kapansanan. Para madagdagan ito, gumagawa ang Pamahalaan ng mga mapagkukunan upang suportahan ang mga estudyante, magulang, at tagapag-alaga upang maunawaan ang kanilang mga karapatan; at suportahan ang mga kawani ng paaralan upang maunawaan ang kanilang mga obligasyon. Sinusuportahan din ng Pamahalaan ang propesyonal na pag-unlad para sa mga kawani ng paaralan upang bumuo ng mga kasanayan at pag-unawa sa autism sa pamamagitan ng **Positive Partnerships Program**; at nagbibigay ng pondo sa pamamagitan ng **Higher Education Disability Support Program** para tulungan ang mga unibersidad na suportahan ang mga estudyanteng may kapansanan.
- Halos 2.65 milyong Australyano ang nangangalaga sa isang taong may kapansanan, kondisyong medikal, sakit sa pag-iisip, o mga matatandang Australyano. Noong Oktubre 2023, nag-anunsyo ng Pamahalaan ng pagbuo ng isang **National Carer Strategy (Pambansang Istratehiya para sa Tagapag-alaga)** upang mas masuportahan ang mga tagapag-alaga. Sa 2024-25 na Badyet, nag-anunsyo ang Pamahalaan ng $18.6 na milyon sa loob ng 5 taon upang ipakilala ang mas higit na pleksibilidad para sa mga tumatanggap ng Carer Payment (Kabayaran sa Tagapag-alaga) upang pamahalaan ang kanilang mga responsibilidad sa trabaho, pag-aaral, at pangangalaga.

## Pagtatrabaho

Ang Pamahalaan ng Australya ay nakatuon sa pagtiyak na ang mga Australyanong may kapansanan na nasa tamang edad ng pagtatrabaho ay may pagkakataong maka-access sa may seguridad at inklusibong trabaho. Ang pagkamit nito ay nangangailangan ng pangmatagalang pagbabago sa buong ecosystem ng pagtatrabaho ng may kapansanan upang paramihin ang partisipasyon ng mga manggagawa, alisin ang diskriminasyon sa lugar ng trabaho, at paunlarin ang isang masigla at inklusibong merkado ng mga trabaho at manggagawa.

Sa susunod na 4 na taon, ang Pamahalaan ay magbibigay ng mahigit sa **$5.5 bilyon** upang tulungan ang mas maraming taong may kapansanan na maghanda at makahanap ng angkop na trabaho. Kabilang dito ang karagdagang pamumuhunan na inihayag sa 2024-25 na Badyet, kabilang ang:

- $227.6 milyon na karagdagang pondo upang ipatupad ang **isang bagong espesyalistang programa sa pagtatrabaho para sa may kapansanan** na sisimulan sa 1 Hulyo 2025. Papalitan ng bagong programa ang kasalukuyang programa ng Disability Employment Services at tutulungan ang mga taong may kapansanan, pinsala o karamdaman na makahanap at magpanatili ng patuloy na trabaho sa pamamagitan ng paghahatid ng mga serbisyong may mataas na kalidad at iniangkop sa indibidwal.
- $23.3 milyon para magtatag ng **Disability Employment Centre of Excellence** upang bumuo ng pinakamahusay na mga gawi, impormasyong nakabatay sa ebidensya upang matulungan ang mga tagapagbigay ng serbisyo na maghatid ng mataas na kalidad at epektibong mga serbisyo sa pagtatrabaho at mga suporta upang mapabuti ang mga kalalabasan sa pagtatrabaho ng mga may kapansanan.

Dumadagdag ito sa mga kasalukuyang aksyon upang mapabuti ang mga kalalabasan sa trabaho para sa mga taong may kapansanan:

- Ang paglalabas ng **Employment White Paper**, na sumunod sa **Jobs and Skills Summit** na ginanap noong Setyembre 2022 upang siyasatin ang mga paraan upang makamit ang lubusang pagtatrabaho, paglago ng pagiging produktibo at patas na mga oportunidad. Inilalarawan ng White Paper ang pananaw ng Pamahalaan para sa isang masigla at inklusibong merkado ng mga trabaho at manggagawa.
- Kasunod ng Jobs and Skills Summit, ang Business Council of Australia at Australian Network on Disability ay nakipagtuwang sa Commonwealth at apat na malalaking tagapag-empleyo para maghatid ng 18-buwang **Career Pathways Pilot**. Ang pilot (pagsubok) ay naglayong palakihin ang pag-unawa sa lahat ng antas ng pamamahala tungkol sa mga hadlang sa pagsulong sa karera na maaaring kaharapin ng mga empleyadong may kapansanan at magbigay ng mga istratehiya upang mabawasan ang mga hadlang na iyon. Isang kabuuang $3.3 milyon sa pondo ng Commonwealth ang inilaan sa pilot.
- Ang isa pang kinalabasan ng Jobs and Skills Summit ay ang paglalaan ng Commonwealth ng $3.3 milyon bilang pondo ng Commonwealth para maghatid ng 12-buwan na **Tourism Local Navigators Pilot**. Sinubukan ng pilot ang mga bagong paraan upang iugnay ang mga naghahanap ng trabaho na may kapansanan sa makabuluhang mga trabaho sa turismo sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga piling organisasyon upang magbigay ng mga Local Navigator para kumilos bilang isang tagapag-ugnay sa maliliit at katamtamang negosyo ng turismo at sa mga tagapagbigay ng serbisyo sa pagtatrabaho kasama ng mga taong may kapansanan. Tumulong ang Local Navigators na baguhin ang mga kultura sa lugar ng trabaho at mga gawi sa pagtatrabaho kasama ng pagkakaroon ng kumpiyansa ng mga tagapag-empleyo na humirang ng mga taong may kapansanan.
- Noong Oktubre 2023, inilunsad din ng Pamahalaan ang **Carer Inclusive Workplace Initiative** upang matiyak na mas mahusay na nasusuportahan ang mga tagapag-alaga upang lumahok sa workforce (lakas-manggagawa).

- Karagdagang $57 milyon na ipinangako sa 2023-24 na Badyet **para dahan-dahang paunlarin ang suportadong sektor ng pagtatrabaho**. Sinusuportahan ng mga suportadong serbisyo sa pagtatrabaho ang may bayad na pagtatrabaho ng mga taong may kapansanan. Sila ay gumaganap ng isang mahalagang papel sa pagsuporta sa humigit-kumulang 16,000 mga taong may kapansanan upang umambag at makaugnay sa kanilang lokal na komunidad sa pamamagitan ng pagtatrabaho. Ang karagdagang pondo ay magpapalaki sa kakayahan ng sektor na magbigay sa mga taong may kapansanan na may malaking pangangailangan sa suporta ng pag-access sa mas malawak na hanay ng mga oportunidad sa pagtatrabaho na may naaangkop na naka-target na mga suporta. Magbibigay din ito ng access sa suporta sa adbokasya at impormasyon para sa mga taong may kapansanan at sa kanilang mga pamilya upang magkaroon ng tiwala at pag-unawa tungkol sa mga karapatan at mga opsyon sa trabaho.

- Isang na-refresh na NDIA **Participant Employment Strategy 2024-26** na inilabas noong 20 Marso 2024 para palakihin ang kahusayan at bisa ng mga suporta ng NDIS sa pagtatrabaho.

- $707 milyon para maghatid ng bagong **Remote Jobs and Economic Development Program** sa ikalawang kalahati ng 2024 na nagbibigay sa mga tao sa malalayong komunidad ng mga tunay na trabaho, tamang sahod at maiinam na kondisyon. Ang programa ay binubuo sa pakikipagtuwang sa mga taong First Nations at popondohan ang 3,000 trabaho sa loob ng tatlong taon. Susuportahan nito ang mga malalayong komunidad upang matukoy ang mga lokal na proyekto at prayoridad sa trabaho upang madagdagan ang mga oportunidad sa ekonomiya sa kanilang mga lugar. Susuportahan ng programa ang mga taong may kapansanan sa pamamagitan ng pagbubunsod ng pangangalaga at pagsuporta sa ekonomiya sa mga malalayong lugar.

- Noong Nobyembre 2022, namuhunan ang Pamahalaan ng $2 milyon para magtaguyod ng mga pinuno para sa may kapansanan sa buong Australya sa pamamagitan ng **Disability Leadership Program**. Ang pilot ay inialok ng Australian Institute of Company Directors sa mga taong may kapansanan upang palakasin ang kanilang mga kasanayan sa pamumuno at senior executive skills para tumanggap ng mga posisyon sa lupon. Sa loob ng dalawang taong pilot, 208 mga taong may kapansanan ang nakatala sa programa, kung saan 87% ang nag-uulat na natugunan ang kanilang mga layunin o mithiin para sa kurso.

- Noong 2022, binago ng Pamahalaan ang ***Fair Work Act 2009*** upang magbigay ng mas malawak na saklaw para sa mga empleyado na humiling ng flexible (naibabagay) na trabaho at ginawang isang naipapatupad na karapatan ang karapatang humiling ng mga flexible na kaayusan sa trabaho. Ang pagbabagong ito ay pakikinabangan ng lahat ng marapat na manggagawa, kabilang ang mga manggagawang may kapansanan.

Ang Australian Public Service Commission ay patuloy na bumubuo at nagpapatupad ng mga inisyatiba upang **mapabuti ang mga kalalabasan sa pagtatrabaho para sa mga taong may kapansanan sa Australian Public Service**. Ang Australian Public Service Commission ay nagsasagawa ng isang proyektong pantuklas upang tiyakin ang pagiging posible ng pagpapatupad ng nauugnay na mga rekomendasyon ng Disability Royal Commission sa buong Australian Public Service.

# Mga posisyon bilang tugon sa mga rekomendasyon

Kasama sa seksyong ito ang mga posisyon ng Pamahalaan ng Australya bilang tugon sa 172 rekomendasyon sa loob ng pangunahin o magkasalong responsibilidad nito. Hindi kasama dito ang mga tugon sa 50 rekomendasyon sa loob ng tanging responsibilidad ng mga pamahalaan ng estado at teritoryo.

Ang mga detalyadong tugon sa bawat rekomendasyon ay makikita sa buong Australian Government Response to the Disability Royal Commission, na makukuha sa www.dss.gov.au/DRC-Aus-Gov-Response.

| Wika ng pagtugon at mga kahulugan | |
|---|---|
| **Posisyon ng Tugon** | **Kahulugan** |
| **Tanggapin** | Tanggapin / suportahan ang kabuuan ng rekomendasyon. |
| **Tanggapin sa pangkalahatan** | Tanggapin / suportahan ang pangkalahatang layunin ng patakaran ngunit maaaring isaalang-alang ang iba't ibang mga pamamaraan sa pagpapatupad. |
| **Tandaan** | Ginagamit para sa mga rekomendasyon kung saan hindi angkop na ipahiwatig ang pagtanggap o pagtanggi, na maaaring dahil ang rekomendasyon ay hindi saklaw ng responsibilidad sa patakaran o pagkansela ng Pamahalaan ng Australya. |
| **Magdedepende sa karagdagang pagsasaalang-alang** | Ipinapahiwatig na ang rekomendasyon ay pinag-aaralan pa ng Pamahalaan ng Australya. Maaaring ito ay dahil kailangan pang hintayin ang kalalabasan ng mga kaugnay na pagsisiyasat o upang gawing batayan ng isang tugon ang karagdagang konsultasyon at pakikipag-ugnayan. |

Pakitandaan na ang unang rekomendasyon sa Panghuling Ulat ng Royal Commission ay ang Rekomendasyon 4.1. Alinsunod dito, ang mga tugon ay nagsisimula sa Rekomendasyon 4.1.

| Volume 4: Pagtanto sa mga karapatang pantao ng mga taong may kapansanan | |
|---|---|
| **Pamagat ng Rekomendasyon** | **Tugon ng Pamahalaan ng Australya** |
| 4.1 – 4.22: Pagtatatag ng isang Disability Rights Act | Magdedepende sa karagdagang pagsasaalang-alang |
| 4.23 – 4.34: Pagbabago sa Disability Discrimination Act | Tanggapin sa pangkalahatan |

| Volume 5: Pamamahala para sa inklusyon | |
|---|---|
| **Pamagat ng Rekomendasyon** | **Tugon ng Pamahalaan ng Australya** |
| 5.1: Bumuo ng Pambansang Kasunduan sa Kapansanan | Magdedepende sa karagdagang pagsasaalang-alang |

| Volume 5: Pamamahala para sa inklusyon | |
|---|---|
| **Pamagat ng Rekomendasyon** | **Tugon ng Pamahalaan ng Australya** |
| 5.2: Suriin at i-update ang Istratehiya para sa Kapansanan sa Australya | Tanggapin |
| 5.4: Suriin ang mga pambansang kasunduan, istratehiya at plano | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 5.5: Pagtatatag ng National Disability Commission | Magdedepende sa karagdagang pagsasaalang-alang |
| 5.6: Mga bagong kaayusan sa pamamahala para sa kapansanan | Tandaan |
| 5.7: Mga sentrong punto sa mga hurisdiksyon para ipatupad ang *CRPD* | Tanggapin sa pangkalahatan |

| Volume 6: Pagpapagana ng autonomiya at access | |
|---|---|
| **Pamagat ng Rekomendasyon** | **Tugon ng Pamahalaan ng Australya** |
| 6.1: Pambansang plano sa komunikasyong naa-access | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 6.2: Paramihin ang bilang ng mga interpreter ng Auslan | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 6.3: Pag-access sa mga may-kasanayan at kwalipikadong interpreter | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 6.6: Mga suportadong prinsipyo sa paggawa ng desisyon | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 6.19: Pangongolekta ng mga datos tungkol sa suporta at mga kaayusan sa pagiging kinatawan | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 6.20: Deklarasyon na nabibigyang-kahulugan | Magdedepende sa karagdagang pagsasaalang-alang |
| 6.21 – 6.23: Adbokasya | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 6.24 – 6.25: Kakayahan ng sistema ng kalusugan hinggil sa kapansanan sa pag-iisip | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 6.26: Palawakin ang tungkulin ng Health Ministers Meeting upang subaybayan ang pagpapaunlad ng kakayahan ng mga manggagawang pangkalusugan | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 6.27: Magtatag ng regular na pag-uulat ng progreso ng mga awtoridad sa akreditasyon | 6.27 (a) at (b): Tanggapin sa pangkalahatan<br>6.27 (c): Tanggapin |
| 6.28: Mapabuti ang pag-access sa mga klinikal na pagpupuwesto sa mga serbisyong pangkalusugan para sa may kapansanan | Tanggapin sa pangkalahatan |

| Volume 6: Pagpapagana ng autonomiya at access | |
|---|---|
| **Pamagat ng Rekomendasyon** | **Tugon ng Pamahalaan ng Australya** |
| 6.29: Mapabuti ang espesyalistang pagsasanay at patuloy na propesyonal na pag-unlad sa pangangalaga sa kalusugan ng may kapansanan sa pag-iisip | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 6.30: Palawakin ang saklaw ng National Centre of Excellence para sa Kalusugan ng may Intelektwal na Kapansanan | Tandaan |
| 6.31: Ipaloob ang karapatan sa patas na pag-access sa mga serbisyong pangkalusugan sa mga pangunahing paraan ng pamamahala ng patakaran | 6.31a - Tanggapin<br>6.31b – Tanggapin sa pangkalahatan |
| 6.32: Palakihin ang kapasidad na magbigay ng mga suporta at pag-aangkop sa pamamagitan ng pinahusay na gabay, pagpopondo at impormasyong naa-access | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 6.34: Ipakilala ang mga disability health navigator upang suportahan ang pag-navigate ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga taong may kapansanan | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 6.37: Pagkolekta ng mga datos at pampublikong pag-uulat tungkol sa psychotropic na gamot (gamot na umaapekto sa isip) | Tanggapin |
| 6.38: Pagpapatatag ng ebidensya tungkol sa pagbabawas at pag-aalis ng naglilimitang mga gawi | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 6.39 – 6.40: Naglilimitang mga Gawi | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 6.41: Pambatas na pagbabawal ng non-therapeutic sterilisation | Magdedepende sa karagdagang pagsasaalang-alang |

| Volume 7: Inklusibong edukasyon, pagtatrabaho at pabahay | |
|---|---|
| **Pamagat ng Rekomendasyon** | **Tugon ng Pamahalaan ng Australya** |
| 7.2, 7.3, 7.6, 7.13: Inklusibong edukasyon | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 7.8, 7:10: Kakayahan ng mga manggagawa sa edukasyon at pamamahala ng mga reklamo | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 7.9, 7.12: Mga datos ng edukasyon, ebidensya, at pagpopondo | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 7.14 – 7.15: Pagtatanggal ng edukasyong hindi panlahat o hiwalay | Tandaan |
| 7.16: Mga prayoridad para sa inklusyon sa bagong modelo ng Disability Employment Services | Tanggapin |

| Volume 7: Inklusibong edukasyon, pagtatrabaho at pabahay | |
|---|---|
| **Pamagat ng Rekomendasyon** | **Tugon ng Pamahalaan ng Australya** |
| 7.17: Bumuo ng mga mapagkukunan para sa edukasyon at pagsasanay para sa mga kawani ng Disability Employment Services | Tanggapin |
| 7.18 – 7.23: Pagtatrabaho ng may kapansanan sa pampublikong sektor | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 7.24: Pagtitipun-tipon ng Disability Employment Rights Council | Tandaan |
| 7.25: Baguhin ang *Fair Work Act 2009* (Cth) | Tanggapin sa pangkalahatan |
| *7.26* Baguhin ang *Disability Discrimination Act 1992* (Cth) | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 7.27 Paganahin ang mekanismo ng referral ng Fair Work Ombudsman | Tanggapin |
| 7.28 Mapabuti ang impormasyon tungkol sa sahod at ang Disability Support Pension | Tanggapin |
| 7.29 Ipaloob ang pamamaraang 'bukas na trabaho muna' sa NDIS Participant Employment Strategy | Tanggapin |
| 7.30 Suportahan ang paglipat sa inklusibong pagtatrabaho | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 7.31 Itaas ang subminimum na sahod | Magdedepende sa karagdagang pagsasaalang-alang |
| 7.32 Wakasan ang hiwalay na pagtatrabaho bago dumating ang 2034 | Magdedepende sa karagdagang pagsasaalang-alang |
| 7.33 Bigyang-prayoridad ang mga taong may kapansanan sa mga pangunahing pamamaraan ng pambansang pabahay at kawalan ng tirahan | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 7.34 Isama ang kawalan ng tirahan sa Australia’s Disability Strategy | Tanggapin |
| 7.39 Paghadlang sa kawalan ng tirahan kapag lumilipat ang mga taong may kapansanan mula sa mga kapaligirang serbisyo o institusyonal | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 7.40 Talakayin ang kawalan ng tirahan para sa mga taong may kapansanan sa National Housing and Homelessness Plan | Magdedepende sa karagdagang pagsasaalang-alang |
| 7.41 Pagbabago sa group home | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 7.42 Mapabuti ang pag-access sa mga opsyon sa alternatibong pabahay | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 7.43 – 7.44: Pagbabago sa mga group home | Magdedepende sa karagdagang pagsasaalang-alang |

| Volume 8: Katarungang pangkriminal at mga taong may kapansanan | |
|---|---|
| **Pamagat ng Rekomendasyon** | **Tugon ng Pamahalaan ng Australya** |
| 8.2: Kamalayan sa kapansanan sa pagsubaybay sa OPCAT | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 8.11: Impormasyon para sa mga korte at ligal na praktisyoner | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 8.12: Pagpapatupad ng Pambansang mga Prinsipyo | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 8.13: Mga datos tungkol sa mga taong nakakulong sa sistemang forensic | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 8.17: Mga Inilapat na Prinsipyo at Talaan ng Suporta ng NDIS tungkol sa sistema ng katarungan | Magdedepende sa karagdagang pagsasaalang-alang |
| 8.18: Pagsasaoras ng mga suporta sa paglipat na pinondohan ng NDIA | Tanggapin |
| 8.19: Pagbabago ng *Disability Discrimination Act 1992* (Cth) para saklawin ang pagbibigay ng 'mga serbisyo' ng pulisya | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 8.20: Pagpapabuti ng mga tugon ng pulisya sa mga taong may kapansanan | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 8.23: Plano ng aksyon upang wakasan ang karahasan laban sa mga kababaihan at mga batang may kapansanan | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 8.24: Inklusibo sa kapansanan na kahulugan ng karahasan sa pamilya at tahanan | Tanggapin sa pangkalahatan |

| Volume 9: Mga taong First Nations na may kapansanan | |
|---|---|
| **Pamagat ng Rekomendasyon** | **Tugon ng Pamahalaan ng Australya** |
| 9.4: Palawakin ang mga programang tagapag-ugnay ng komunidad | Tanggapin |
| 9.5: Block funding ng sektor na kontrolado ng komunidad | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 9.6: Lupon ng National Disability Insurance Agency | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 9.7: Pakikilahok sa buhay-kultura | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 9.8 – 9.9: Ang pagbabalik ng NDIS sa lupain at pamilya ay sumusuporta sa mga patakaran at pagpopondo | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 9.10: First Nations Disability Forum | Tanggapin sa pangkalahatan |

| Volume 9: Mga taong First Nations na may kapansanan | |
|---|---|
| **Pamagat ng Rekomendasyon** | **Tugon ng Pamahalaan ng Australya** |
| 9.11: Pagdagdag sa Disability Sector Strengthening Plan (Plano sa Pagpapatatag ng Sektor ng Kapansanan) | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 9.12: Inklusibo sa kapansanan na mga pamantayan sa kaligtasang pangkultura | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 9.13: Pag-unlad ng malayuang manggagawa | Tanggapin sa pangkalahatan |

| Volume 10: Mga serbisyong pangkapansanan | |
|---|---|
| **Pamagat ng Rekomendasyon** | **Tugon ng Pamahalaan ng Australya** |
| 10.1: Pagpapaloob ng mga karapatang pantao | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 10.2: Independiyenteng koordinasyon ng suporta | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 10.3: Sapat na koordinasyon ng suporta | Tanggapin |
| 10.4: Kalidad ng koordinasyong pangsuporta | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 10.5: Adbokasya | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 10.6 - 10.7: Suportadong paggawa ng desisyon sa mga serbisyo ng may kapansanan | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 10.8: Isang pambansang pamamaraan ng pagpaparehistro ng pangsuportang manggagawa sa kapansanan | Magdedepende sa karagdagang pagsasaalang-alang |
| 10.9: Ang Gawad sa Industriya ng Mga Serbisyong Panlipunan, Pangkomunidad, Pangangalaga sa Bahay at Pangkapansanan | Tandaan |
| 10.10: Tagapagbigay (Provider) na huling gagamitin | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 10.11: Mga panloob na proseso para sa pagsubaybay sa mga naiulat na insidente. | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 10.12: Pagpapakilala ng klase o uri ng mga pagpapasya | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 10.13: Paglikha ng isang independiyenteng lupon ng mga tagapag-imbestiga | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 10.14: Pagbuo ng modelo ng mga patakaran at pamamaraan | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 10.15: Gabay sa paghawak ng reklamo at gawi sa pag-iimbestiga | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 10.16: Kahingian na isaalang-alang ang pagremedyo sa sitwasyon | Tanggapin sa pangkalahatan |

| Volume 10: Mga serbisyong pangkapansanan | |
|---|---|
| **Pamagat ng Rekomendasyon** | **Tugon ng Pamahalaan ng Australya** |
| 10.17: Pag-access sa mga pahiwatig at kadalubhasaan sa pag-iingat | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 10.18: Pinahusay na mga pamamaraan at tugon sa paghawak ng reklamo | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 10.19: Kahingian na imbestigahan ang partikular na mga reklamo | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 10.20: Gawing naa-access ang mga proseso ng pagrereklamo | Tanggapin |
| 10.21: Proseso ng pagpaparehistro at pag-audit | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 10.22: Pinatatag na mga kahingiang pang-regulasyon | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 10.23: Paglathala ng mga datos tungkol sa hindi nakarehistrong merkado ng tagapagbigay (provider) | Tanggapin |
| 10.24: Pinahusay na pag-access sa mga praktisyoner ng suporta sa pag-uugali | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 10.25: Pinatatag na pagsubaybay, pagsunod at pagpapatupad | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 10.26: Pinalawak na pag-uulat at paglalathala ng mga datos | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 10.27: Pinatatag na kapasidad ng katalinuhan | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 10.28: Pagbabahagi ng impormasyon sa mga itinakdang lupon | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 10.29: Pagtatatag ng First Nations Unit | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 10.30: Pakikipag-ugnayan at mga aktibidad sa pagbuo ng kapasidad | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 10.31 – 10.33: Pagsusuri ng manggagawa | Tanggapin sa pangkalahatan |

| Volume 11: Independiyenteng pangangasiwa at mga mekanismo para sa reklamo | |
|---|---|
| **Pamagat ng Rekomendasyon** | **Tugon ng Pamahalaan ng Australya** |
| 11.1 -11.2: Pag-iingat ng nasa hustong gulang | Magdedepende sa karagdagang pagsasaalang-alang |
| 11.4: Paglikha ng mga naa-access na proseso sa pagrereklamo | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 11.5: Mga gabay sa paghawak ng reklamo at gawi sa pag-iimbestiga | Tanggapin sa pangkalahatan |

| Volume 11: Independiyenteng pangangasiwa at mga mekanismo para sa reklamo | |
|---|---|
| **Pamagat ng Rekomendasyon** | **Tugon ng Pamahalaan ng Australya** |
| 11.6: Pagpapatibay sa batas ng mga pangunahing kondisyon ng OPCAT | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 11.7: Paglalaan ng mapagkukunan at mas malawak na kahulugan ng mga lugar ng detensyon | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 11.10: Pinahusay na katatagan at koordinasyon | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 11.11: Pamamaraang inklusibo ng kapansanan sa pagpapatupad ng OPCAT | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 11.12 – 11.13: Mga Community Visitor Scheme | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 11.16: Pambansang kasunduan tungkol sa mga pagrebyu sa pagkamatay ng may kapansanan | Magdedepende sa karagdagang pagsasaalang-alang |
| 11.18: Dalawahang pangangasiwa ng maisusumbong na pag-aasal at mga insidente | Tanggapin sa pangkalahatan |

| Volume 12: Pagkaraan ng Royal Commission | |
|---|---|
| **Pamagat ng Rekomendasyon** | **Tugon ng Pamahalaan ng Australya** |
| 12.1: Mga tugon ng pamahalaan sa Panghuling ulat | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 12.2: Pagpapatupad ng mga rekomendasyon sa Panghuling ulat | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 12.3: Pag-uulat ng progreso sa pagpapatupad ng mga rekomendasyon | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 12.4: Pagtasa sa pagiging epektibo sa pagpapabuti ng mga kalalabasan | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 12.5: Isang pambansang pamamaraan na di-pabagu-bago sa pagkolekta ng mga datos | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 12.6: Mga flag ng kapansanan sa pagkolekta ng mga datos para sa mga panlahat na serbisyo | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 12.7: Pagpapabuti sa pagkolekta ng mga datos ng kapansanan | Tanggapin sa pangkalahatan |
| 12.8: Pangmatagalang suporta para sa National Disability Data Asset | Tanggapin sa pangkalahatan |